Pampublikong Asosasyong Pandaigdigang Pakikipagpalitan sa Lungsod ng Kawasaki

KIAN

# Kumusta Kawasaki

**Nihonggo / Ingles / Intsik / Korean / Tsosen / Espanyol/ Portugis / Pilipino / Biyetnamis / Taylandes / Indonesian / Nepali / madaling Nihonggo**

Makikita din sa website https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html

〒211-0033 2-2 Kizukigioncho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel:044-435-7000　Fax:044-435-7010　https://www.kian.or.jp/ E-mail：kiankawasaki@kian.or.jp

*******************************************************************************

## 2023 Internasyonal na Pista sa Kawasaki

Pagkatapos ng 4 na taong paghihintay, sa taon na ito gaganapin ang Internasyonal na Pista. Damhin ang kultura ng iba't ibang bansa, paganunsyo ng mga aktibidad ng mga pribadong organisasyon, mga laro pang bata, atbp. Bata man o matanda ay siguradong masisiyahan. Isama ninyo ang inyong kaibigan at pamilya, dumalo na!!!



**Petsa**：Hulyo 9, 2023（Linggo）10:00am-4:30pm

**Lugar**：Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

**Nilalaman**：

・May mga Kitchen car na magbebenta ng mga pagkain mula sa iba't ibang bansa.
・Pagbebenta ng mga katutubong sining at aksesorya mula sa iba't ibang bansa.
・Tradisyonal na sayaw at awit ng iba't ibang bansa, taiko performance at tradisyonal na sayaw ng Hapon
・Pag-experience ng pagsuot ng Yukata, flower arrangement, tea ceremony, Foot meza, flea market, atbp.
・May konsultation para sa araw-araw na pamumuhay, tungkol sa visa, atbp.

**Taga-pamahala**：International Festival Executive Committee, Kawasaki International Exchange Association, Samahan ng Kawasaki International Exchange

*******************************************************************************

## ORIYENTASYON SA PANIMULANG PAMUMUHAY SA KAWASAKI

Ipapakilala ang pangunahing impormasyon na kapaki-pakinabang para sa pang-araw-araw na buhay




**PETSA :** Hulyo 9, 2023（Linggo）

**LUGAR :** 1st flr. Exhibition lobby, Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki (Sa loob ng Pandaigdigang Pista)

**PATALA :** Hindi kailangan

**KABAYARAN :** ￥0 (LIBRE)


（May interpreter sa mga wikang Ingles, Intsik, Koreyan, Portugo, Espanyol, Pilipino, Thay, Nepali, Biyetnam, at Indonesiya）

**MATATAWAGAN：**(Pampubliko) Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki


**TEL：**044-435-7000 o 044-455-8811

**E-mail：**soudan39@kian.or.jp





# Summer school para sa mga bata

Panahon：Hulyo 25, 2023（Martes）, 26（Miyerkules）, 27（Huwebes）
Limita：15 bawat klase（Bubunutin kapag maraming aplikante）
Bayad：¥3,300（kasama na ang aklat）
Lugar：Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki
Patala : Magparehistro sa website ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

1. Pangalan ng lesson na aaplayan 2. Pangalan ng bata at isulat ang furigana o alpabeto 3. Baitang
4. Pangalan ng magulang 5. Address 6. Numero ng telepono ng magulang na maaaring tawagan
7. Email address ng magulang.

Deadline : Hanggang Hunyo 30 (Biyernes)

*Aplikasyon*



| SILID | ORAS | BAITANG | GURO |
|---|---|---|---|
| PANG-BATA INGLES A | 1:00pm-2:00pm | Elementarya baitang 1 at 2 | Elda Beatrice Fujikura （From Argentine） |
| PANG-BATA INGLES B | 2:30pm-3:30pm | Elementarya baitang 3 at 4 | |
| PANG-BATA ESPANYOL | 10:30am-11:30am | Elementarya baitang 1,2,3,4, at 5 | Jovani Ichikawa （From Peru） |

*****************************************************************************

# Limang panuntunan para sa ligtas na paggamit ng bisikleta

Sa batas ng trapiko ang bisikleta ay parehas ng kategorya ng kotse.
Kabilang sa mga alituntunin na dapat sundin kapag nagbibisikleta, ito ang"limang panuntunan" na partikular at mahalaga.

① Ayon sa batas ng trapiko, kapag nagmamaneho ng bisikleta sa pedestrian lane magmaneho sa kaliwang bahagi at bigyan ng prayoridad ang mga naglalakad.
② Sa mga intersection sundin ang traffic light at huminto upang icheck ang kaliwa at kanan.
③ Buksan ang mga ilaw sa gabi.
④ Ipinagbabawal ang pagmamaneho kapag nakainom ng alak.
⑤ Ang pagsusuot ng helmet ay ginawang obligasyon na sikapin simula noong Abril 1.
Marami pang ibang patakaran sa trapiko ang dapat sundin. Isipin na sa batas ng trapiko ang bisikleta ay parehas ng kategorya ng kotse kaya mahigpit ang batas nito, sundin ang mga trapikong patakaran, at magmaneho nang maingat upang hindi ka maging biktima o may kagagawan ng aksidente.



*****************************************************************************

## Konsultasyon para sa mga dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa amin kung mayroon kayong katanungan o problema (walang bayad).

**MAARING MAGPA-KONSULTA ONLINE SA ZOOM ！**

**Reserbasyon sa Website**

*Pahina patala sa Online Konsultasyon*

＊Oras ng Konsultasyon: 9:00am - 5:00pm (Bukas kahit tanghalian) Tel. 044-455-8811

**Maari kumunsulta kahit sa araw na walang tagapayo sa inyong wika, gagamit ng phone interpreter.**

| Wika | Araw | Wika | Araw |
|---|---|---|---|
| Ingles | Lunes hanggang Sabado | Intsik | Lunes hanggang Sabado |
| Portugis | Martes at Biyernes | Espanyol | Martes at Miyerkules |
| Korea/Tsosen | Martes at Huwebes | Pilipino | Martes at Miyerkules |
| Biyetnam | Martes at Biyernes | Thai | Lunes at Martes |
| Indonesya | Martes at Miyerkules | Nepali | Martes at Sabado |

*Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki Website*

＊*Libreng Konsultasyon ng administratibong scrivener* （Ang konsultasyon ay wikang hapon, maaring magpareserba ng translator）Petsa: Hunyo 18 (Linggo) Oras：2:00pm-4:00pm, Hulyo 9 (Linggo) Oras: 10:00am-4:30pm

Lugar: Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki, 2F Silid Kooperatibo